September 29, 2021

Sa mga Magulang

Komaki City Board of Education

# 緊急事態宣言の解除を受けての学校における新型コロナウイルス感染症の対応について（通知）
# (Notice) Tungkol sa Pagtugon ng Paaralan sa sakit na COVID-19 "New Corona Virus Infection Disease" sa Panahon na Mawala na ang State of Emergency (タガログ語)

Kami po ay lubos na nagpapasalamat sa inyong pang-unawa at pakikipagtulungan sa mga aktibidad pang-edukasyon ng paaralan.

Sa September 30 (Huwebes) ay mawawala na po o aalisin na ang State of Emergency dahil sa nababawasan na ang bilang ng infected virus na dulot ng Covid-19 infection, ngunit simula sa October 1 (Biyernes) hanggang October 17 (Linggo) ay naglabas ang Aichi prefecture ng Strict warning measures para sa patuloy na pag-iingat laban sa pag-laganap ng infection. Nakasulat po sa ibaba ang mga hakbang na isasagawa ng paaralan para sa pagpapatuloy ng mga educational activities. Inaasahan po namin na ito ay inyong maintindihan at patuloy na magbigay ng inyong suporta para sa kaligtasan ng kalusugan ng mga mag-aaral sa paaralan at maging sa inyong tahanan. Maraming salamat po.

NOTE

## １　部活動について Tungkol Club activities o "Bukatsu"

- ○ Simula sa October 1 (Biyernes) kabilang ang araw ng Sabado at Linggo ay muli nang magkakaroon ng bukatsu Subalit sa panahon ng Strict warning measures ay hindi magsasagawa ng mga tournament (maliban sa Official games) at sa pagsasagawa nito ay magkakaroon ng mga pagbabago sa nilalaman ng aktibidad at oras.
- ○ Simula sa October 1 (Biyernes) ay muli na ding magkakaroon ng Junior training activity (kabilang din ang VIVA! Sports Class).
  Ang buong detalye ay makikita sa website ng Komaki City Sports Association.

## ２　修学旅行等の宿泊活動について Tungkol sa School trip *"shuugaku ryoko"* at iba pang activities

- ○ Ipapatupad ang School trip "shuugaku ryoko" at iba pang activities na katulad nito nang may pag-iingat sa kalusugan at pagbibigay ng mga hakbang upang makaiwas sa virus infection, at isasayos ding muli ang schedule at nilalaman ng mga aktibidad.
- ○ Kung kinakailangan na i-cancel ng paaralan o ng lungsod ang School trip at iba pang aktibidad na katulad nito dahil sa epekto ng COVID-19 ay hindi kailangang magbayad ng cancellation fee dahil ito ay babayaran ng lungsod. Ngunit kung ito ay na-cancel dahil sa personal na kadahilanan, may bagyo o hindi maganda ang panahon ang cancellation fee ay babayaran ng Magulang.

## ３　マスクの着用について Tungkol sa pagsusuot ng Mask

- ○ Sa pamumuhay sa paaralan ay pangunahing itinuturo ang pagsusuot ng mask upang makaiwas sa virus infection
- ○ Sa oras ng aralin sa P.E at depende sa sitwasyon, ay sasabihan namin sila na tanggalin ang suot na mask.

## ４　換気について Tungkol sa Ventilation

- ○ Sisikapin na ma ventilate ang mga lugar, magsuot ng damit na maaaring ma control ang body temperature.

## ５　感染者が確認された場合の対応について Mga pagtugon kung napag-alamang nahawaan ng virus

- ○ Kung napag-alaman na nahawaan ng virus ang Mag-aaral gayun din ang mga teacher ng paaralan ay ikukunsulta sa Prefecture`s Hygiene Department at aalamin kung sino ang mga nagkaroon ng close-contact at i-di-disinfect ang Pasilidad.
- ○ Sa pagkakataong ito, **ay ipapatupad parin ang pagtugon sa sakit na ito at ipagpapatuloy ang pasok sa paaralan. Subalit depende sa sitwasyon, ay kung kakailanganin ay pansamantalang susupindihin ang pagpasok sa klase o di kaya ay mas maagang papauwiin ng sabay-sabay ang lahat ng Mag-aaral kumpara**

**sa regular na oras ng uwian.** At kahit na holiday ay may pagkakataong isarado ang pasilidad ng paaralan.

○ Kung napag-alaman na mayroong nahawaan ng virus ay **hindi ipapalam ang pangalan ng paaralan ngunit sa pamamagitan ng e-mail ay ipapadala sa mga magulang lamang ng nasabing paaralan sa** dahilan na din upang makaiwas sa usap-usapin at pangungutya sa taong nahawaan.

○ May pagkakataon na mag-extend ang pansamantalang pag suspinde ng klase depende sa sitwasyon. At bilang regulasyon ay, habang pansamantalang nakasuspinde ang klase ay pinapakiusap po namin na iwasang lumabas ng bahay at manatili sa tahanan ang mga bata.

## ６　出席の取り扱いについて Tungkol sa Attendance record

○ Ang mga mag-aaral na nangangailangan ng Medical care o Mag-aaral na may underlying disease at gayun din ang mga mag-aaral na boluntaryong nag-absent dahilan sa safety measures upang maiwasan na mahawa sa virus infection ay **hindi counted as absent ang pag-liban sa paaralan sa halip ito ay magiging Suspension of Attendance batay sa tawag o pakikipag-ugnayan ng magulang sa paaralan.**

At sa mga nais na mag Online Streaming Class ay ipaalam lamang ito sa paaralan.

## ７　家庭での健康状態の把握について Tungkol sa pag-alam ng kondisyon ng kalusugan sa tahanan

○ Pakiusap po na isagawa tuwing umaga ang pag-check sa temperatura at kundisyon ng katawan at pagkatapos ay isulat ito sa「Health Observation Card」at ipasa sa Class adviser.

○ Pag pahingahin muna sa bahay kung may nararamdamang pananamlay ng katawan, hirap sa paghinga, may lagnat, may ubo o may sintomas ng sakit. Gayundin ay pinapakiusap na i-check din ang kondisyon ng kalusugan ng mga kasama sa bahay.

○ Pinapakiusap din sa bawat tahanan na hangga`t maaari ay iwasang lumabas ng bahay kung hindi kinakailangan o walang importanteng lakad.

## ６　学校への連絡について Tungkol sa pakikipag-ugnayan sa paaralan

○ **Kung kabilang sa mga sumusunod na nakasulat sa ibaba, ay tumawag agad sa paaralan at hanapin ang (Assistant Principal or Class Adviser) upang maiwasan ang pagkalat ng sakit**

・Kung na diagnose na nahawaan ng virus ang Mag-aaral o kapamilya.
・Kung napag-alaman na nagkaroon ng close-contact ang Mag-aaral o kapamilya.
・Kung ang Mag-aaral o kapamila ay pinakuha ng PCR test or Antigen test.

## 偏見や差別、いじめ等の防止について

## Tungkol sa Pag-iwas sa Discrimination,

## Hindi Magandang Pagturing sa Tao (Prejudice) at Bullying

Hindi ilalathala sa publiko ng Komaki City ang pangalan ng paaralan ng mga mga taong nahawahan at nagkaroon ng closed contact alinsunod sa pag-galang sa karapatang pang tao. Ngunit, nais po naming ipa-unawa sa inyo na kung halimbawang magkakaroon ng pagsuspinde sa pagpasok o pansamantalang pagsasara ng paaralan ay tutugunan ng policy ang pagpapadala ng mail sa mga magulang ng nasabing paaralan.

Sa gitna ng pagpapatupad ng education activities at sa pagsisikap na maiwasan ang pagkalat ng sakit ay hindi pa rin alam kung sino at kailan mahahawahan nito. Kung kaya`t isusulong pa rin namin na palakihin ang mga bata na mayroong pagsasa alang-alang sa kapwa. **Ipinapakiusap po namin na maging sa inyong tahanan ay bigyan ito ng pansin upang maiwasan ang paninirang puri sa kapwa, pagkalat ng tsismis sa pamilya at sa mga taong may kaugnayan sa taong nahawahan ng sakit na ito.**